Asian Social Institute

Graduate School of Economics, Sociology,
Pastoral Sociology, Social Work,
Sociology Major in Pastoral Studies
Education (Specialization in Community Development)
Education (Specialization in Transformational Educational Leadership)
Social Services and Development
Ph.D. in Applied Cosmic Anthropology

# PAGBIBIGAY LIWANAG SA KAMALAYANG SINASALAMIN NG KUNDIMAN

Isang Disertasyon

na Iniharap sa Kaguruan ng

Paaralang Pandalubhasaan

Asian Social Institute

Malate, Manila

JUL 13 2012

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Kinakailangan sa Pagtatamo ng Titulong

Doctor of Philosophy in Applied Cosmic Anthropology

Marnon Lanzona Regis

Hunyo 2010

AKLATANG EMILIO AGUINALDO
ARCHIVES

**Asian Social Institute**

Graduate School of Economics, Sociology,
Pastoral Sociology, Social Work,
Sociology Major in Pastoral Studies
Education (Specialization in Community Development)
Education (Specialization in Transformational Educational Leadership)
Social Services and Development
Ph.D. in Applied Cosmic Anthropology




*Ang Kundiman ay nagdulot ng kabutihan at kahalagahan sa aking buhay.*
*Ito ang himig...*

*...na nagbigay-daan sa akin upang unti-unti kong mahubog*
*ang pagiging balanse ng aking pagkatao...*
*...na nagbigay sa akin ng inspirasyon upang maging makahulugan ang aking buhay.*
*Dahil dito natutunan kong tingnan ang mga situwasyon*
*ng may malalim na pang-unawa, binabalanse at tinatanggap...*
*...na humubog sa akin na maging bukas ang loob sa pagtulong at pagkakawang-gawa sa iba*
*na walang hinihinging kapalit...*
*...na nagturo sa akin na maging kuntento sa aking mga nakakamit sa buhay,*
*hindi ang maghangad ng sobra-sobra...*
*...na nag-udyok sa akin na maging bukas sa mga paghuhubog*
*upang maabot ang kaganapan ng aking pagkatao,*
*maging bukas sa iba't-ibang aspeto na puwede ko pang magawa*
*para sa ikauunlad ng aking sarili at ng iba...*
*...na nag-akay sa akin na basahin ang mga sinyal na ipinapakita sa akin ng Amang Maykapal kapag ako ay*
*gagawa ng isang desisyon at ang desisyong ito ay umaayon*
*saKanyang ninanais para sa akin...*
*...na nag-uugnay sa akin at sa Kanyang matimyas na Pag-ibig*
*upang makamit kung ano ang buhay na ninanais Niya para sa akin.*

-marnon

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

**Dahon ng Pagpapatibay** (Approval Sheet) i
**Pagpapasalamat** (Acknowledegment) ii
**Talaan ng mga Nilalaman** (Table of Contents) v
**Talaan ng mga Talahanayan** (List of Tables) vii
**Talaan ng mga Pigura** (List of Figures) vii
**Pahalaw na Pagbubuod** (Abstract) viii

**Kabanata I Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag-aaral (The Problem and the Background of the Study)** 1
A. Isang Himig ng Aking Buhay 1
B. Layunin at mga Katanungan ng Pag-aaral (Objectives and Research Questions of the Study) 14
K. Kahalagahan ng Pag-aaral (Significance of the Study) 15
D. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral (Scope and Limitation of the Study) 16
E. Kahulugan ng Mga Terminolohiya (Definition of Terms) 18

**Kabanata II Mga Kaugnay na Literatura at mga Pag-aaral (Review of Related Literature and Studies)** 22

A. Pagbabalik-Aral sa Mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura 22
1. Ang Musika 22
Ang Musika sa Iba't-ibang Perspektibong Pananaw 24
Ang Musikang Pilipino 34
Ang Katutubong Musika ng mga Pilipino 34
2. Kundiman 40
Ang Kanyang Ipinapakahulugan 40
Ang Mga Iba't-ibang Pahayag sa Kanyang Pinagmulan 43
Ang Kanyang Katangian 44
Ang Kanyang Pag-indayog sa ating Kasaysayan 47
Ang Kanyang Iba't-ibang Himig 49

B. Mga Kaugnay na Isinagawang mga Pag-aaral 64

K. Angking Katangian ng Pag-aaral 71

**Kabanata III Metodolohiya ng Pag-aaral (Methodology)** 73

A. Panimula: Kwalitatibong Pananaliksik Bilang Isang Pamamaraan 73
B. Ispisipikong Pamamaraan ng Pag-aaral 75
1. Ang Penomenolohiya 75
2. Ang Simyotika 76
3. Ang Pamamaraan sa Pagbibigay ng Kahulugan ng Musika at Teksto ng Kundiman 76
4. Ang Proseso ng Pagbibigay ng Kahulugan ng Musika at Teksto ng Kundiman 80
5. Batayan ng Pagpili sa mga Ka-Bahagi sa Pag-aaral 80
6. Pamamaraan ng Pagkuha sa mga Himig ng Buhay-Karanasan 83
7. Proseso ng Paglalahad ng mga Pagninilay 86
8. Talaan ng Panahong Igugugol sa Pagsasagawa ng Pag-aaral 87

**Kabanata IV Paglalahad ng mga Buhay-Karanasan at ng mga Tematikong Pagninilay (Presentation of Lived Experience and Reflections)** 89

A. Replektibong Paglalahad (Each Narrative with Title) 89
Unang Pagninilay (First Reflection)
B. Paglalahad ng Kahulugan ng Musika at Teksto 211
Ikalawang Pagninilay (Second Reflection) 259
K. Eydetikong Pananaw (Eidetic Insight) 292

**Kabanata V Malikhaing-Pagbubuod ng Pag-aaral (Creative Synthesis)** 318

A. Pagbubuod (Summary) 318
B. Malikhaing Simbolo (Creative Synthesis) 328
K. Pagmumungkahi (Recommendation) 342

**Talasanggunian** 345
**Curriculum Vitae** 355
**Apendiks** 358

A. Liham ng Pakikipanayam sa mga Ka-Bahagi 374
B. Mga Tagubilin sa Pakikipanayam Para sa mga Magiging Ka-Bahagi 375
K. Katibayan ng Kasunduan 376

D. Liham ng Pagpapatibay ng mga Katanungan na Gagamitin sa Pag-aaral 377
E. Liham ng Pagpapatunay 378

**Talaan ng mga Talahanayan**

Talahanayan 1 Talahanayan ng mga Ka-Bahagi 92

Talahanayan 2 Mga Talahanayan sa Pagbibigay Kahulugan ng Musika at Teksto ng Kundiman

- Nicanor Salanguit 212
- Arnold Dingli 216
- Orestes Ancan 220
- Dominador Toledo 226
- Celso Sarosario 230
- Oscar T. Seño 234
- Reynaldo Andino 238
- Nemia G. Villanueva 243
- Oscar Bautista 247
- Catalina Lascano 249
- Domingo Cabungcal 250
- Gonzalo Velasco 251
- Luzviminda Toledo 253
- Flordecita Jimilgo 255
- Rosario D. Cielo 257

**Talaan ng mga Pigura**

Pigura 1 Balangkas ng Barthes Functional Duplicity Method 78
Pigura 2 Panibagong Paglalapat ng Balangkas sa Pag-aaral 79
Pigura 3 Mga Kinuhang Larawan sa Pakikipanayam 358
Pigura 4 Mga Larawan Bilang Katibayan sa Pagpapalagda ng mga Himig ng Karanasan ng mga Ka-Bahagi sa Pag-aaral 369
Pigura 5 Mga Larawan ng Key Informants sa Pag-aaral 372
Pigura 6 Mga Iba't-ibang Ginuhit na Disenyo ng Kundiman

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University - Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

**Pahalaw na Pagbubuod**

Ang pag-aaral ay isang paghalaw sa **Pagbibigay-Liwanag sa Kamalayang Sinasalamin ng Kundiman** batay sa karanasan ng mga Ka-Bahagi. Layon nitong ilahad ang kahulugan ng musika at teksto, ang kahalagahan na naidudulot nito sa kanilang buhay, ang kamalayang sinasalamin nito, kung papaano nito sinasalamin ang kasalukuyang panahon at ang implikasyon nito sa Musikang Pilipino at sa pang-unawa sa kabuuang Kultura nating mga Pilipino.

Ang kahalagahan ng pag-aaral ay magiging daan upang mabatid natin ang nakakalimutang kahulugan at kahalagahan ng Kundiman sa ating buhay sa kabila ng pagdagsa ng progresibong panahon. Sa pamamagitan ng mga himig ng karanasan ng Ka-Bahagi, mabibigyan ng liwanag ang kamalayang kanyang sinasalamin.

Ang inilapat na disenyo sa pag-aaral ay ang diskriptib-eksploratori. Ang ginamit na metodolohiya ay ang kwalitatibong pananaliksik at ang inilapat na ispisipikong pamamaraan ay ang Penomenolohiya para sa paglalahad ng mga himig ng karanasan at mga tematikong pagninilay. Samantala, Simyotika naman ang inilapat sa pagbibigay ng kahulugan ng musika at teksto ng Kundiman at ang ginamit na teyorya o balangkas ay ang *Functional Duplicity Method* at *Reader-Response Criticism* ni Roland Barthes. Ang mga napiling Ka-Bahagi ay nagmula

sa lupon ng mga *grassroots*. Ang pamamaraang ginamit sa pakikipanayam ay isang malayang pakikipag-kuwenthan at may mga pagkakataong, ang pakikilahok sa katutubong kalakaran ng inuman.

Ang Kundiman ay tagapag-hatid ng pag-asa. Ito ay sang isang espesyal na kaloob ng Diyos at natatamo lamang kung may kabukasan ang sarili na ito ay tanggapin. Ito ay ipinagkakaloob lamang sa mga taong bukas ang loob, bukas ang isipan, inuusisa ng malalim ang kahulugan at kahalagahang ipinahahatid nito at higit sa lahat pinagyayaman ang kahulugan at kahalagahan nito sa buhay.

Ang Kundiman ay magdadala sa ating diwa na mapalapit sa kabanalan ng Diyos. Ito ay magtuturo sa ating isip at nag-uudyok sa ating mga puso na maging uliran sa ating pamumuhay, maging mga tapat na lingkod, gumawa ng may pag-ibig, kalayaan, hindi nagtatangi o naghihintay ng anumang kapalit. Ito ay makapagdudulot ng kasiyahan sa ating kalooban at may ipinahahatid na malalim na kahulugan. Sinasalamin niya ang isang positibong pananaw kung papaano natin haharapin ang mga paghihirap, pagtitiis at sakripisyo.

Sa kabila ng mga hamon at matinding pagsubok, pinatitibay ng Kundiman ang namamagitang malalim na ugnayan sa pamilya na hinirang ng Diyos. Makapagdudulot ito ng motibasyon na hubugin ang ating sariling pagkatao ng mga kagandahang-asal noong na at aakayin niya ang ating diwa patungo sa isang radikal na pagbabago.

Sa kabila ng malaking implikasyon na dulot ng progresibo at modernong pag-unlad sa ating buhay maging ito man ay naging masama o mabuti, ang mapanglaw, madamdamin at makahulugang himig ng Kundiman ay nagpapatuloy pa rin sa kanyang pag-indayog at lagi pa rin niya tayong hinihimok na magising sa ating paglalakbay.

Ang pagpapanumbalik ng kahulugan at kahalagahan nito ang mag-aangat sa tunay na katangian ng ating mga Musikang Pilipino sa kasalukuyang panahon. Kahit na anong mangyari, maimpluwensyahan man tayo ng mga banyagang kaisipan at ng modernong panahon, kaya pa rin nating bumalik sa ating pinagmulan.

Ang pag-aaral na ito ay bunga ng mga pinagdaanang proseso at mga himig ng karanasan ng mga naging Ka-Bahagi sa pag-aaral na may kaugnayan sa Apat na Daan ng Mapanlikhang Kadiwaan o *Creation Spirituality: via positiva, via negativa, via creativa* at *via transformativa.* Sa pagnanais na makamit ang kaganapan ng kanilang pagkatao sa kabila ng kanilang mga kahinaan dumaraan sila sa Proseso ng Indibidwasyon o *Individuation Process.*

Ang pag-aaral ay makapagdudulot ng kahalagahan sa bawat isa, sa mga pamunuan, mga guro at mga mag-aaral sa mga pribado at pampublikong paaralan, sa mga kawani ng pamahalaan, Simbahan, sa mga nagsasaliksik, sa pagsusulong ng ating Kultura at ng Musikang Pilipino.

Ang Eydetikong Pananaw ng pag-aaral ay ipinahayag sa pamamagitan ng isang malikhaing simbolo na may titulong, Ang Mala-Dambanang Simbolo at nilikhang himig ng Kundiman na may titulong, Ang Kamalayang Sinasalamin ng Kundiman.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines